# Pugon na De-Gulong

CHRISTOPHER S. ROSALES

Noong bata pa ako, mga lima o anim na taong gulang, pangarap ko talagang maging isang mahusay na mandirigma. Maging tulad ni Pedro Penduko na nakapapatay ng iba't ibang maligno, o ni Nardong Putik na hindi tinatablan ng mga bala, o ni Panday na nakagagapi ng masasamang-loob sa isang wasiwas lang ng espada.

Makalipas ang halos isa't kalahating dekada, natupad din naman ang hiling ko. Naging isang mandirigma nga ako. Iyon nga lang, wala pa rin akong taglay na anumang natatangi o nakabibilib na kapangyarihan. Hindi ko pa rin kayang iurong ang bundok sa pamamagitan ng mga daliri, pagalawin ang mga bagay gamit ang isip, magbuga ng apoy o sapot sa palad, o saluhin ang bumubulusok na eroplano sa kalangitan. Mandirigma akong ang tanging armas lang ay tibay ng tuhod, lakas ng gulugod, at mahabang-mahabang pasensya. Mandirigma akong walang tama ng bala o daplis ng kampilan mula sa mga kalaban, kundi mitig sa binti, gasgas sa braso, at sandamakmak na paltos at kalyo sa paa. Mandirigma akong araw-araw na nakikibaka sa trapik sa kalsada, araw-araw na nakikipagpatintero sa peligro ng pagsakay sa mga tren ng Maynila. Maaaring ang tingin sa akin ng ilan ay isang simpleng komyuter lang. Ngunit sa tagal na ng panahong nakikipagbuno ko sa dagsa at agos ng libo-libo, pulu-pulutong, bata-batalyong pasahero ng tren lalong-lalo na sa Pambansang Daang-Bakal ng Pilipinas (PNR), masasabi kong isa na akong magiting at full-blooded na Spartan (minus the abs siyempre pa).

## Kompanyerong De-Gulong

Totoo, naging malaking bahagi na ng buhay ko ang mga daang-bakal ng Maynila.

Noong nag-aaral pa ako ng pag-iinhenyero sa isang unibersidad malapit sa Luneta, limang taon din akong naging suki ng noo'y tig-isandaang stored value card ng LRT na siyang nagsalba sa 'kin upang di na suungin ang araw-araw-na-ginawa-ng-Diyos na trapik sa Taft Ave. tuwing umaga. Noong kasagsagan

ng bagyo at parang bulto ng mga ipis na pinausukan at nagsilabasan sa kani-kanilang mga lungga ang alon ng mga tao, ang LRT ang naging takbuhan ng mga gaya kong basang-basa, nanginginig sa lamig, nakayapak, at parang busabos na buhat ang sariling nanggigitatang mga sapatos matapos lumusong sa abot-tuhod na baha sa Maynila. Noong makatanggap ako ng dalawang malutong at mainit-init na singko sa major at minor subjects ko, sa himpilan ng LRT ko minuni-binuo ang mga tamang salita at lakas ng loob upang sabihin ko sa mga magulang ko na, Ma, Pa, sori talaga, pumalpak ako, hindi na 'ko makakalibre ng pambaon at tuition, sibak na ako sa DOST scholarship ko. Noong minsang mahuli ako ng gising para sa isang pambansang kompetisyon kung saan ako pa naman ang naatasang maging presenter ng aming thesis/project study, naging kaibigang karamay ko ang PNR na siyang sumaklolo sa 'kin upang umabot pa ako sa nakatakdang iskedyul. Noong nagre-review na ako para sa board exam, sa PNR ako sumasakay upang di maipit sa usad-millipede na trapik sa Quiapo pabagtas ng Morayta at España. Sa pagtatapos ng unang araw ng makabagbag-utak naming board exam, naging sandalan kong balikat ang PNR (na himala-sa-lahat-ng-himala ay kakaunti lang noon ang nakasakay) upang makaidlip ako ng kung ilang minuto at matanggal ang lahat ng lumiliglig na ligalig sa aking isip. Noong maging isang ganap na nga akong lisensiyadong inhenyero, sa PNR pa rin ako sumakay upang magsimba at magpasalamat kay St. Jude at Nazareno. At ngayon ngang nagtatrabaho na ako sa isang telco sa Makati, ang luma at kinakalawang na mga bagon ng PNR pa rin ang nagdadala sa akin pauwi ng bahay.

Para na talaga kaming magkumpare, magkatropa ng mga tren ng Maynila. Naging kasa-kasama ko ang mga bagon sa lungkot at saya, pait at glorya ng liko-tuwid-kurbang biyahe sa daang-bakal ng buhay.

Sa pitong taon kong pagiging komyuter ng tren, masasabi kong bihasa na ako sa pagsakay dito. Kabisado ko na ang pangalan ng halos lahat ng mga estasyon sa lungsod. Aral ko na ang lengguwahe ng pagal-sa-maghapong mga bagon, ang tamang tinis at tempo ng umuugong nitong sipol, ang heometriya ng pakiwal-kiwal na kinakalawang na mga riles na pinamumulaklakan sa gilid ng mga tambay at iskuwater, ang siyensiya ng pagtitig sa wala habang ngarag na pumipila sa kahera ng tiket. Kung magkakaroon lang siguro ng mga asignatura sa eskuwela tungkol sa pagkokomyut, pwede nang i-ruler ang TOR ko sa dami ng uno. Kung saka-sakali, baka nga nag-cum laude pa ako.

### Bachelor of Science in Tulakan, Major in Siksikan, with Specialization in Mahabang Pilahan

Maituturing na ngang isang kurso ang maka-survive bilang komyuter ng tren sa Maynila. Ang guro mo rito—karanasan. Ang silid-aralan—ang himpilan na nag-eextend hanggang sa kalsada. At ang exam na nagsisilbing sukatan kung pasado ka ba o bagsak—kung makararating ka sa pupuntahan mo nang nasa oras, umalis ka man sa inyong bahay nang advanced o sakto lang.

Ang LRT ang unang humubog at nagturo sa 'kin ng "basic skills" sa pagiging komyuter sa tren. Kumbaga sa regular na institusyon ng edukasyon, dito ako nag-kinder, elementary, at high school. Sa LRT ako nahasang tumakbo nang ubod-tulin—parang Super Mario na naka-turbo—sa tuwing sumisilbato na ng pag-alis ang tren at humahabol pa ako sa pagpasok sa tumitikom na salaming-pinto ng mga bagon. Dito ko rin natutuhang magbalanse ng sarili tulad ng isang sirkero—tumayo sa gitna ng tren nang hindi humahawak sa handrails, at hindi matumba o makadagan ng iba sa biglang liko-talbog-kalabog-hinto ng mga bagon. (Ang teknik ay simple lang: salungain ang direksiyon ng puwersa. Kung hihinto ang tren sa kanan, itulak ang sarili pakaliwa. Kung umalog ang tren at mahuhulog ka na paharap, itulak ang sarili patalikod. Mahalaga rin na may sapat na espasyo sa pagitan ng iyong mga paa upang malubos ang kakayahang mabalanse ang katawan. Dapat ding ituon parati ang lakas sa 'yong binti, daliri ng mga paa, at sakong upang hindi agad-agarang mahulog). Sa LRT ko rin natutuhang matulog nang nakatayo, at tantiyahin kung nasaang estasyon na ako kahit nakapikit pa ako. Siyempre pa, dito rin ako naging maláy sa iba't ibang uri ng mga kawatan, kaya nga ni minsan sa buhay ko ay hindi pa talaga ako nadudukutan. Kabisado ko na ang mga estilo nila. May Salisi Gang, may Laglag-Piso Gang, may Gitgit-Sabay-Dagit Gang, at may Gawa-Tayo-Ng-Eskandalo-Para-Madistact-Ang-Mga-Tao-At-Makadekwat-Ang-Kasamahan-Natin Gang.

Pagkalipas ng limang taon, nang lisanin ko na ang aking Alma Mater at gumradweyt bilang pasahero sa LRT, tumuloy naman ako sa bagong yugto ng buhay-komyuter ko. Ang inang ugat ng lahat ng riles sa buong estado, ang kolehiyo ng mga nagsasabarbarong pasahero—ang PNR.

Maraming nagsasabi na malaimpiyerno ang sumakay sa LRT at MRT. Lagi itong binabanggit sa mga salimbibig, higit lalo sa diyaryo, radyo, at

TV. Mas pokus kasi lagi ang midya sa dalawang tren na iyan. Pero lingid sa kaalaman ng marami, mas impiyerno sa pinakaimpiyerno ang PNR. Dito, kailangan mo talaga ng matinding resistensiya at tatag ng loob para makatagal. Parang Hunger Games lang, "may the odds be ever in your favor." Kung hindi, tanggal ka. Ligwak ka. Talo ka. O kung minalas-malas pa, baka ang uwi mo'y hindi na sa bahay kundi sa ospital na.

Sa PNR, kapag sinabing siksikan, **SIKSIKAN** talaga. Exaggerated man sabihin, totoong mas close pa kayo ng mga katabi mo kaysa sa dalawang butas ng ilong mo. Gamit na gamit maski ang pinakakatiting na milimetro kuwadradong espasyo sa sahig. Huwag na huwag kang magkakamaling iangat ang isang braso mo dahil di mo na 'yan maibababa pagkatapos. Pati ang paa mo ay huwag na huwag mo ring itataas nang kahit isang segundo. Tiyak, pagbaba mo niyan, pulos sapatos, tsinelas, at sandalyas na ang maaapakan mo. Nangyari na kasi sa 'kin 'yan. Halos sampung minuto rin ako noong nakakandirit sa loob ng tren. Nasa gitna pa man din ako kaya wala akong makapitang anumang handrail. Nanginginig na talaga ang mga binti ko sa sobrang ngalay at mitig. Wala akong choice kundi magpaubaya na lang sa pag-urong-sulong, pagpaling pakaliwa't kanan ng dagat-dagatang mga tao.

Kahit weekends, balyahan pa rin sa PNR, lalo na kung Linggo. Ang dating 30 minuto kasing pagitan sa pagbiyahe ng mga tren ay nagiging isang oras. Kung kaya, naiipon nang naiipon ang mga pasahero sa loob at labas ng estasyon na sa sobrang dami'y aakalain mong may gaganapin na munting People Power Revolution.

Buti na lang talaga at una na 'kong nahasa't nahubog sa LRT. Hindi na gayon kabigat ang mag-adjust sa serbisyo/perhuwisyong hatid ng naturingan pa namang pambansang daang-bakal ng bansa.

Sa PNR, hindi uso ang beep card o anumang magnetic card sa entrance. Ang meron lang dito'y munting papel na tiket na kalimitang pinambabalot ng tsiklet o sinusulatan ng *Can u be my textm8?* Walang anumang makina o detektor dito na makahaharang sa mga di nagbayad ng pamasahe, kaya umaasa na lang talaga ang buong pamunuan sa Pinagkakatiwalaan Kita System. Mayroon namang inspektor kung minsan na nag-iikot-ikot sa mga bagon at naniningil ng kaukulang multa sa mga nahuling di nagbayad. Ang kaso, dahil para ngang San Marino corned tuna ang mga tao sa loob ng mga bagon, madalang pa sa blue moon at umento sa sahod at regularisasyon ng mga kontraktuwal kung maglibot ang inspektor.

Upang makasakay agad sa PNR-Buendia, isa sa mga ninja moves na ginagawa ko ay ang pag-angkas sa pinakadulong bagon nito. Doon kasi bahagyang mas kaunti ang mga tao. Kung bakit ay dahil ang bahaging ito ay hindi naman nakatapat sa elevated platfrom kundi sa kalsada na mismo. Kaya naman tanging ang mga alagad lang ni Taguro ang nangangahas na magtungo rito. May munting hagdang-bakal naman sa gilid na puwedeng sampahan upang makaakyat. Pero sa oras na balyahan na talaga at pumipito na ang guwardiya tanda ng pag-arangkada muli ng tren, kailangan mo na talagang humingi ng tulong at magpaakay sa mga nasa itaas. Siyempre pa, kung pahirapan ang pag-akyat, pahirapan din ang pagbaba. Dahil ilang dipa rin ang taas ng tren mula sa lupa, kailangang matibay ang tuhod mo upang kayanin ang grabedad ng paglundag. Sa karanasan ko, parang tinatambol na gong ang bayag ko sa tuwing lumulukso ako mula sa itaas. Para na rin akong nagpa-parkour. Ang problema pa, sa estasyon ng FTI kung saan ako bumababa, hindi patag ang tatalunang lupa kundi mistulang burol na may mga bato-bato pa. Minsan nga ay nagkamali ako ng bagsak at bigla akong natapilok pagkaapak ko sa lupa. Ilang araw din ako nu'ng parang bagong tuli na iika-ika habang naglalakad.

Noon, wala ring mga plakard sa PNR na nagsasabi kung nasaang estasyon ka na. Kailangan talagang maging alerto ka't mapagmasid, kung hindi'y baka sa Tutuban o Alabang ka na makarating. Bawat preno ng tren ay required ka talagang maghagilap ng anumang palatandaan o landmarks. Di kasi gaya sa LRT at MRT na sa bawat hinto ay ibubunghalit ng drayber/announcer ang kasalukuyan at susunod na estasyon ng tren, sa PNR ay madalang itong mangyari, lalong-lalo na tuwing gabi. Ang totoo niyan, mas ipinapanalangin ko pa nga minsan na huwag nang magsalita ang drayber/announcer ng PNR. Kalimitan kasi, kapag narinig na ang garalgal niyang tinig sa lumang speaker, tiyak na pagkasira ng makina at pagkaantala ng biyahe lang naman ang iaanunsiyo niya. So shut up na lang sana siya, hindi ba?

Nagkaroon lang ng mga bagong pintang plakard sa mga estasyon ng PNR nang magkaroon ito ng renobasyon bunsod na rin ng aksidenteng kinasangkutan nito nang minsan itong tumagilid at madeskaril sa may gawing Magallanes at magtigil ng operasyon sa loob ng halos tatlong buwan. (Naglalakad ako ng lisensiya ko sa PRC noong hapong iyon ng Abril 29. Mabuti na lang talaga at may dinaanan pa ako sa SM Manila kaya hindi na ako nag-PNR. Kung hindi, marahil ay naging isa ako sa humigit-kumulang 80 na nasugatan at napilayan sa nakahihindik na insidenteng iyon.) Nang

magbalik-riles ang mga bagon ng PNR noong Hulyo 23, 2015, isa ako sa mga unang nakasaksi at nakaramdam ng pagbabago rito. Mas naghigpit na ang mga guwardiya sa paligid. May mga nangangasiwa na rin sakaling may mga sumisingit sa pila ng tiket. Mas maaliwalas na ring tingnan ang mga himpilan. Sa loob ng tren ay hindi na rin gaanong siksikan at damang-dama ko pa ang napakalamig na bugso ng aircon sa kisame. (Dati kasi ay maligamgam na hangin ang lumalabas dito at parang bentilador lang na naka-number 1.) Tuwang-tuwa talaga ako noong araw na 'yon. Sabi ko sa sarili ko, shet, ang sarap-sarap, sana araw-araw ganito, damang-dama ko 'yong pinatutunguhan ng tax ko.

Pero hindi rin pala 'yon magtatagal.
Kamag-anak pala ni Steve Harvey ang PNR.
Na-Colombia ako.

Sa mga sumunod na araw at linggo ay bumalik muli sa kinamihasnang chaotic na sitwasyon ang PNR. O baka mas lumala pa nga kaysa dati. Nag-I shall return ang matinding problema sa pilahan, tulakan, siksikan, singitan, dukutan, at delayed na biyahe. Noon ko lang napagtanto na kaya siguro kakaunti lang ang mga tao no'ng unang araw ay dahil hindi pa informed ang lahat na umaarangkada na muli ang tren. Unti-unti ay pumalya na rin ang ilan sa mga aircon. Naging bentilador na sila ulit na naka-number 1.

Sa kabilang banda, tulad ng MRT at LRT, natatakdaan din kung sino ang mga pasaherong maaaring sumakay sa bawat bagon ng PNR. Ang unang dalawang bagon ay para lamang sa mga babae, matatanda, at may kapansanan. Ang mga natitira naman ay malaya nang sakyan ng lahat, subalit ang karamihan ng mga pumipisan dito ay pulos kalalakihan. Pero kung minsan, lalo na sa katirikan ng rush hour, may mangilan-ngilan pa ring mga dalagita na nangangahas na makisiksik sa isinumpa-sa-sikip na bagon ng mga lalaki. Ewan kung dahil nahuli lang sa pagbili ng tiket, o sadyang punuan na rin sa puwesto ng mga babae, o sadyang single lang at naghahanap ng ka-sparks sa tren. Sa mga ganitong sitwasyon sumusulpot na parang kabute ang mga gumagalawang Breezy na pobre. May ilang pasimpleng nang-aakbay o nanggigitgit upang madikit sa porselanang braso/balikat/binti ng dalaga. May ibang hayagang nang-iipit upang mamasdan nang masinsinan kundi man lubusang makadaupang-katawan ang nanunuksong "hinaharap" ng morenang kolehiyala. Mayroon ding matitindi—humu-Hokage level. Sinasadyang itapat-ilapat ang tigang nilang "bukana" sa maumbok na likuran

ng kaawa-awang dalagita. Bagama't paminsan-minsan ay makasusumpong sa bawat bagon ng mga nakapaskil na babala ukol sa RA 9262 o "Anti-Violence Against Women and their Children Act of 2004," ang mga ganitong uri ng karumal-dumal na insidente ay patuloy pa ring nagaganap.

Hindi naman fatal ang trapik, sabi nga ni dating DOTC Sec. Jun Abaya. Hindi naman fatal ang maging isang regular na komyuter sa Maynila. Hindi mo naman ikamamatay kung ma-late ka at makaltasan ang gamumo mo na ngang sahod na nauna na ring kinaltasan ng gobyerno na hindi mo rin malaman kung saang bulsa ng impaktong malignong demonyo napupunta. (Sa ipinapatayong mansiyon ba ni senador o sa mga pa-jueteng ni gobernor o sa mga kerida ni mayor? O baka naman sa air-conditioned na babuyan ni Nognog?) Hindi mo naman ikamamatay kung ma-suffocate ka ng kung ilang minuto tuwing sira ang naghihingalong aircon, samantalang kasuklam-suklam ang bentilasyon sa loob ng mga bagon at hindi mabuksang ganap ang mga salaming-bintana upang may makapasok namang sariwang hangin mula sa labas (na kung tutuusin ay hindi naman talaga sariwa dahil malaon nang giniyagis nang buong bangis ng polusyon sa kalsada). Hindi mo naman ikamamatay kung matuyuan ka ng gabaldeng pawis sa 'yong likod, kung mabilad ka sa gitna ng tirik na tirik at sing-init ng bagong kulong tubig na araw, kung magsulputang parang mapa ng Ermita ang mga ugat sa 'yong binti at eyeballs sa kapipila, kapipila araw-araw, araw-araw. Hindi iyon ikamamatay ng mga pasaherong sakitin, hikain, may komplikasyon sa puso, may kapansanan, at uugod-ugod na. Paespesyal? Nag-iinarte? Nagmamaselan? Anak-mayaman? Hindi nila 'yon ikasasawi, ano ba. Hindi rin ikamamatay ng mga babae kung mahipuan sila't madungisan ang puri gayong wala silang magawa kundi magtiis, manahimik, at magsawalang-kibo kesyo rush hour, kesyo gano'n talaga at siksikan, kesyo choice nilang sumakay sa tren kaya magdusa sila. Hindi, hindi naman fatal ang maging komyuter. Anong fatal do'n? Sa'n banda do'n ang fatal? Pakituro nga.

Fatal ng ina niya.

### Tren, Tren Desarapen

Mabuti na lang talaga, no'ng nagpaulan ng ka-witty-han ang Diyos, may dalang palangganang sinlaki ng La Mesa Dam ang mga Filipino. Tingnan mo, subukan mong bigyan ng sunod-sunod na delubyo/sakuna/pasakit/problema ang mga Pinoy. Tiyak, iiyak siya saglit sa isang tabi, magsasara ng pinto, hihikbi, mag-eemote, magbabato ng vase o naka-plastic na stuffed toy

sa ibabaw ng kabinet, magwo-walling kung may malapit na dingding, pero maya-maya'y ngingiti na, magdyo-joke na, at sa tinig ng komedyanteng may sa-kabayo ay sisigaw ng isang nag-uumigting, tumataginting na "*E di wow!*" Kung ibang lahi 'yan, malamang ay matagal na silang nagbigti, tumalon sa gusali, o kaya'y nasiraan na ng ulo't palaboy-laboy sa mga kanto at humihiyaw na hindi bilog, hindi oblate spheroid, kundi octagon ang mundo. Totoong hindi matatawaran ang pagiging resilient, masayahin, at bibo ng mga Filipino. Lalo pang tumitingkad ang kulturang ito sa mga panahon na walang-wala, wasak na wasak, basag na basag na tayo. Kumbaga, imbes na malungkot at magmukmok at magpakapangit ka sa isang sulok, piliin mo na lang na maging masaya. Idaan mo na lang ang nararamdaman mo sa paggawa ng mga nakakatawa ngunit sarkastikong memes, sa pagda-dubsmash, sa pagha-hashtag, sa pagpa-pabebe wave, sa paglikha ng mga hugot line. O kung artist ka, sa pagsusulat, sa pag-awit, sa pagtugtog, sa pagpinta. Hindi naman ito isang uri ng karuwagan, ng kahinaan, ng pagtakas sa bagsik ng realidad. Isang coping mechanism ito ng mga Pinoy upang sabihin sa sariling okey lang 'yan, kaya mo 'yan, 'yong bida nga sa pelikula sinuntok-sinapak at binaril na't lahat-lahat, nakatayo pa't nabuhay at may 3-minute monologue pa. Ikaw pa kaya? All is well, kapatid!

Kani-kaniya rin ng paraan ang mga pasahero ng tren upang hindi maasar o mayamot o mabato sa loob ng kabit-kabit, kakarag-karag na mga bagon ng Maynila. May ilang nagbibisi-bisihan sa pagsi-COC, o nanonood ng telenobela sa I-Want TV, o nakatanghod sa bagong torrent na animé series. May ibang nagse-selfie, naggu-groufie. Maraming nagpapakalunod na lang sa pakikinig ng music. May ilan ding pirming umiidlip, kulang na lang ay latagan mo ng banig, kumot, at kulambo sa himbing ng kanilang tulog. May ibang panay ang chat at pakikipaglandian sa FB at Viber. May mangilan-ngilan ding dakila't uliran na nagbabasa ng nobela o di kaya'y nagbubuklat-buklat ng kanilang teksbuk. (Di ko malilimutan ang isang bagitong estudyante noon na armado ng bolpen at Casio scientific calculator na kuntodong nagpapraktis mag-solve ng iba't ibang Thermodynamics problems habang umaalog-alog ang tren na di mo malaman kung sadyang nagsisipag-sipagan lang o nagpapaka-ideal student o sadyang mamabi lang. As in mamabida. Takot ko lang kapag nagawi siya sa Luneta. Baka barilin siya doon!)

Madalas, para na ring isang malaking entablado ng comedy bar ang mga bagon. Sa mga panahong sikip na sikip ka na, pawis na pawis ka na, pagod na pagod ka na sa loob ng kulob at nanggigitatang tren, may mga bigla na lang

hihirit-babanat na kung sino d'yan sa tabi-tabi na pihadong magpapahagalpak sa 'yo hanggang sa kaibuturan ng ingrown mo. At sasabihin mo sa sariling shet, ayos na 'ko, solb na 'ko, masaya na ulit ang mundo. Ilan sa malulupit at palong-palong punch lines na narinig ko sa loob ng PNR ay ang mga ito:

Tapos na New Year, ah. Bakit may paputok pa rin?

Mawalang-galang na, kuya. Ang paksiw, inuulam, hindi ginagawang pabango.

Kasiya pa 'yan, maluwag 'yan! Araw-araw ginagamit!

Huwag mo po silang salubungin sa paglabas! Hindi mo sila kamag-anak!

Oy, ate, kalma lang, huwag ka masyadong manulak. Sige ka, baka ma-"*fall*" ako sa 'yo.

Kanina 'pag pasok ko, kamukha ko pa si Alden. No'ng paglabas ko, kamukha ko na si Jose!

Putsa, 'yong matris ko naipit! Baka reglahin ako nang wala sa oras!

Hoy, totoy, huwag kang ilusyonada! Gusto mong masapak at nguso mo ang magregla?

Minsan pa, isang grupo ng mga kabataan ang naringgan kong nakapag-akda ng parodiya habang nakasalampak sa maalikabok na sementadong sahig ng estasyon at naghihintay sa karimlan ng gabi kung kailan susulpot sa guhit-tagpuan ng langit at lungsod ang matang-bombilya sa noo ng PNR.

Tren, tren desarapen
*Bandila* na, wala pa rin.
Awts, awts, laging sira't
Tumitirik.
Braso'y pili-pilipit,
Haggard, losyang
Pag-uwi sa bahay!

Siyempre pa, hindi rin mawawala ang mga nakakaaliw na eksena sa PNR na ala-Banana Split o Bubble Gang. Minsan, may mga aleng parang nasa bahay lang na pirming nagkukutuhan, naglilisaan. May isang lalaki rin dati na sa katatawa sa pinanonood niyang video sa YouTube ay bigla siyang nauntog nang matunog na matunog sa matigas na hawakang-bakal, subalit imbes na hipuin ang bukol sa ulo ay tumikhim lang siya at humagikhik muli at nagpanggap na walang sinuman ang nakasaksi sa naganap na 5 seconds

na kahihiyan sa buhay niya. Gayumpaman, ang pinaka-epic talaga sa lahat ay ang lalaking muntikan nang ma-GOMBURZA. Noon kasi, tinatawag ng mamang ito ang mga kapuwa niya pahinante (na kumakaripas ng takbo sa pagbili ng tiket) dahil maluwag-luwag pa roon sa puwesto niya. Ang kaso, biglang-bigla, sumara ang pinto. Talagang napapikit at napasigaw ang lahat dahil naiwan sa labas ang leeg at ulo ng pobreng mama. Mabuti na lamang at may sensor ang pinto na sa oras na may pumipigil sa pagsara nito ay agad-agaran din itong bumubukas. Alangang napapangiwi na napapangisi ang lahat habang hinahaplos-haplos ng mama ang namumula niyang leeg. Biglang may dumaang anghel. May kuliglig sound. May moment of silence. Pero maya-maya pa'y may di na nakapagpigil at malutong na napahalakhak. Natawa na rin ang lahat. Pati ang mama ay napahagalpak na rin dahil sa sarili niyang kasutilan (o katangahan). *Ayan, tawag pa more!* hirit ng isa. *'Tikan ka na pre ma-Samurai!* segunda ng isa pa. Sa bandang huli ay hindi rin naman nakaaabot sa tren ang mga kasamahan niya. Ang mga katropa niyang inalayan na nga niya ng pagmamagandang-loob ay siya pang nagpaulan ng katakot-takot na pang-aalaska sa kaniya.

### Benepisyo De-Bobo

May choice naman talaga akong hindi sumakay ng PNR. Mula sa opisina ay puwede naman akong sumakay ng dyip pa-EDSA Ayala at doon na pumara ng bus pa-FTI. Ang kaso, kapag gano'n ang sinunod kong ruta, walang katiyakan kung anong oras pa ako makakauwi sa bahay, o, mas malala pa, kung makakauwi pa ba ako nang buháy sa bahay. Pahirapan kasi talagang sumakay. Bago pa mag-alas singko ay punuan na ang halos lahat ng mga bus sa EDSA. Minsan ay sinubukan kong ipagsiksikan nang todo ang sarili sa sinapupunan ni Joanna Jesh. Kasama ng mga kapuwa pawisang obrero ay sumabit ako sa pinakabungad mismo ng pinto. Kaso, para naman akong nakasakay no'n sa Star Flyer ng Star City nang walang anumang harang o seatbelt. Buwis-buhay talaga kaya di ko na inulit. May isang Biyernes din na talagang nag-effort akong maglakad mula Ayala hanggang Guadalupe makasakay lang sa buwakananginang bus na 'yan. Pakiramdam ko no'ng gabing 'yon, ang dumi-dumi ko. Para na akong taong-grasa. Tangan-tangan ko na ang lahat ng polusyon sa EDSA.

Kung kaya, mas pinipili ko pa rin talagang makisiksik at masiksik ng kung ilang minuto sa PNR kaysa naman ma-stranded nang kung ilang oras sa kalsada. Biro nga minsan ng isang kakilala, sa sobrang hirap sumakay at sa labis na trapik sa EDSA, kapag bumiyahe ang isang buntis mula Magallanes

hanggang Trinoma, pagbaba niya, Grade 6 na 'yong nasa loob ng tiyan niya. Partida, marunong na rin ng Physics at Algebra.

Kahit papa'no, malaking tulong pa rin naman talaga para sa marami ang PNR. Halimbawa na lang, noong bumisita si Pope Francis sa Pilipinas at isinara ang maraming kalsada sa Maynila, operasyonal pa rin ang PNR kaya't nakapasok pa rin ako sa walang hintuang review classes noon para sa board. Noong mag-surprise strike ang mga tsuper ng dyip sa Taguig na bukod sa hindi na bumiyahe ay hinarangan pa ang malaking bahagi ng East Service Road, nand'yan ang PNR upang magsakay ng mga na-stranded na obrero't mag-aaral at umakay sa lahat ng bad vibes ng umaga. Maaga rin akong nakauwi sa bahay noong panahon ng APEC Summit kung saan nagkaroon ng part 2 ang penitensiya at Mahal na Araw ng karamiham dahil naging isang dambuhalang parking lot ang kalsada at wala silang ibang choice kundi ang mag-on-the-spot alay-lakad nang tatlo, lima, sampung kilometro makarating lang sa kani-kanilang tahanan. (Di ako informed, magpa-fun run pala ako pagkaalis sa opisina, post ng isa kong kaibigan gamit ang hashtag na #APECtado.)

Sa kabilang banda, bukod sa pagiging isang alternatibong moda ng transportasyon, daan din ang mga tren para sa mga naghahanap ng abentura sa kanilang buhay. May isa akong kilalang matagumpay na propesyonal na ang makasakay sa PNR kung rush hour ang isa sa mga nasa bucket list niya. May mangilan-ngilan ding mga manunulat na sa integrasyon sa mga karaniwang tao sa tren humuhugot ng iaakdang kuwento, tula, o dula. Hinahanapan ng kahulugan/talinghaga/hiwaga ang bawat imbay ng kamay ng mga nakasakay, ang bawat kunot-noo nila, ismid, kurap, singhot, palatak, bahing, gitla, gatla, puting buhok, pileges, agnos, armband, at sukbit na kupasing bag na may nakaguhit na peace sign. Ginagawang salukan ng emosyon at pantasa ng pamdama ang sari-saring pasahero't estranghero sa mga bagon.

Sa lahat ng mga nagnanais na magpapayat, mabisang solusyon din ang PNR. Hindi mo na kailangang mag-enroll pa sa kung saang mamahaling gym na kung tutuusin, ang tunay na pakay mo lang naman ay magpapawis nang kaunti pagkatapos ay poporma sa harap ng salamin at magse-selfie at magpo-post sa FB ng #StartingTheYearRight #ForABetterMe #BalikAlindogProgram #ParaSaEkonomiya. Hindi mo na rin kailangang parusahan ang sarili sa pagsa-South Beach Diet o Atkins Diet o Dukan Diet o Hanggang-Tingin-Na-Lang-Sa-Lechon Diet. Hindi mo na rin kailangang tumungga ng tatlong pitsel ng Fit 'n Right at uminom ng kung ano-anong slimming pills na sa tindi

ng tama sa tiyan mo ay para ka na ring Harry Potter na may septology araw-araw sa kabanal-banalang trono. Sa sobrang siksikan, tulakan, at balyahan kasi sa PNR, pihadong matutunaw-matatagtag ang lahat ng fats at calories sa 'yong braso, hita, at kalamnan. Para ka na ring binoksing ng sampung Donaire, benteng Mayweather, at trentang Pacquiao. Para ka na ring naging isang buhay na stress ball na pinitpit-pinilipit ng pawisan at pasmadong kamay ng Maynila. May libre pang hard massage kung nagkataong sinlaki nina Big Show o Dumbo ang makakasiksikan mo. Pati nga kaluluwa mo ay para na ring na-exercise (o na-exorcise) sa tindi ng makanginig-gilagid na galit at konsumisyon.

Gayundin, sa sobrang init sa loob ng bagon, na animo'y isang kalawanging pugon na tinubuan ng gulong, daig mo pa ang nag-intensive steam & sauna sa Ace Water Spa. Tiyak na bubukas ang lahat ng pores mo sa katawan. (Oo, pati ang pores sa 'yong ear drums). Magtatampisaw ka hindi lamang sa sariling pawis, kundi maging sa rumaragasang anghit at lagkit ng mga katabi mo. Sa tindi ng amoy, daig mo pang nakadroga. May kasama pa minsang libreng paligo kung nataong nasa tabi ka ng bintana at magbuhos ng kung anumang mapanghi/malansa/maasngaw na likido ang mga nasa gilid ng riles mula sa kanilang marurungis na arenola't palangganita. Aabutan (o pupukulin) ka pa minsan niyan ng mga batong panghilod na kasinlaki ng hollow blocks. Sa mga makasalanan naman, may libre ring pabasbas ang PNR kapag natapat ka sa palyadong aircon sa kisame na umuuha ng dilaw na likidong benditado ng alikabok at kalawang. (Pati ba ang makina'y nahihirapan na rin at marunong nang magdrama?) Marahil, kung guguhitan ko ng bibig ang mauka at tuklap-na-ang-pinturang mukha ng PNR, uusalin nito ang pinakamalalim na buntooooong-hininga matapos magsa-armalite ang bibig at magpakawala ng katakot-takot na mura at sumpa sa bulok/bugok/ugok na gobyerno.

### Lokomotibong Paurong

Ayon sa isang matandang kasabihang Tsino, kung nais mo raw magkaroon ng isang maunlad na bayan, magtayo ka muna ng mga kalsada't daang-bakal.

Nobyembre 24, 1892 nang ganap na buksan ang kauna-unahang tren sa Pilipinas—ang *Ferrocaril de Manila-Dagupan.* Ito'y batay na rin sa plano ni Don Eduardo Lopez Navarro at sa dekreto ni Haring Alfonso ng Espanya. Totoo nga ang kasabihan. Hindi lamang naging daanan ang 195.4 kilometrong riles na ito ng libo-libong mamamayang tangan-tangan ang kani-kanilang bagahe't kargamento, naging daluyan din ito tungo sa kalinangan ng lipunan at kaunlaran ng buong estado. Sa pagsasanga-sanga ng iba't ibang

lunan at ruta ay yumabong din ang komersiyo't kalakalan sa mga lugar na dati'y liblib, madawag, magubat. Sa paglipas ng mga taon ay nadagdagan pa ang mga estasyon ng tren mula sa San Fernando, La Union hanggang sa Legazpi, Albay. Samantala, sa panahon ng mga Amerikano ay pinalitan ng *Manila Railroad Company* ang pangalan ng tren, na paglao'y naging *Philippine National Railways* noong Hunyo 20, 1964 sa bisa ng Republic Act No. 4156. Ito na ngayon ang kilala nating de-diesel na tren na araw-araw sinasakyan ng humigit-kumulang 70,000 pasahero sa Maynila at Laguna araw-araw.

Pagkalipas ng 123 taon mula nang buksan ang PNR, matapos ang kung ilang digmaan, bagyo, lindol, sakuna, pagkaraan ng kung ilang dekadang pagpapabaya ng pamahalaan, ang dating 161 na operasyonal na estasyon ng tren, ngayon ay 24 na lang. Ang dating 1,100 kilometrong nilalandas ng mga bagon mula hilaga hanggang timog-Luzon, ngayon ay 56.138 kilometro na lamang. Imbes na maging pasulong ang takbo ng lokomotibo, tila naging paurong pa. At dahil hindi na nga (raw) kayang sustentuhan ng gobyerno ang gapiranggot na ngang pondo para sa operasyon ng mga tren, ang PNR ay nagbabadya nang ipraybatisa at ipaubaya sa mga kapitalista, gaya ng malaon nang kinasapitan ng LRT, MRT, at ng marami pang pampublikong eskuwelahan at ospital sa bansa.

Parang OLX lang. Di mo na kayang i-subsidize? Ibenta mo na!

Sa panahon ngayon kung saan parang spaghetting pataas nang pataas ang presyo ng mga bilihin, pababa rin nang pababa ang pagpapahalagang iniuukol ng pamahalaan sa sambayanan. Imbes na i-"boss" ang mga Filipino'y inaabuso't binubusabos pa nga. Noong 2015 ay tinaasan ang pamasahe sa LRT at MRT ng 50 hanggang 87 porsiyento subalit ni gamunti mang ginhawa ay hindi dito nadama. Mas tumindi pa nga ang sitwasyon. Saan ka nakakita ng mga taong pinaglalakad sa tulay, sa gilid ng riles dahil biglang tumirik sa gitna ang mga bagon? Saan ka nakakita ng tren na kuntodong humahagibis samantalang bukas ang pintuan at isang maling hakbang lang ng mga pasahero'y maaari na silang malamog, malasog, at maitsa sa ere nang kung ilang talampakan mula sa lupa? Nasa 600,000 ang sumasakay sa MRT araw-araw kahit pa 350,000 lang ang kapasidad nito. At ngayon, sasabihin nila na taasan din ang pamasahe sa PNR upang gumanda ang kalidad ng serbisyo nito, at tutal dalawang dekada na rin naman ang nakakaraan buhat nang magtaas-pasahe ito? Maski ata di edukadong galunggong ay hindi maniniwala sa kagunggungan nila. Napatid na ata sa makikitid nilang isip na ang pampublikong transportasyon ay isang serbisyong panlipunan at hindi isang negosyong pampuhunan.

Imbes na paigtingin ang iba't ibang programa para sa kapakanan ng buong bayan, mas gusto pa ng gobyernong suportahan ang pagtatayo ng mga mall at condo na iilan lang naman ang nakikinabang, bakbakin-aspaltuhin ang kay ayos-ayos namang kalsada, magtindig ng flag pole na nagkakahalaga ng 7.8 milyong piso (kapag itinaas ba ang bandila, bigla 'yang magbubuga ng confetti at fireworks?), at mamigay ng buwanang ₱500 na limos sa bawat pamilyang naghihikahos samantalang 10 milyong Filipino pa rin ang walang trabaho noong 2015 (ayon sa SWS), at 7 sa bawat 10 ang nagsasabing nagdarahop pa rin sila (ayon sa Ibon Foundation). Hindi ko talaga alam kung saang brand ng semento humuhugot ng kakapalan ng mukha ang mga politiko. Siguro, kung pagsasama-samahin ang kara ng lahat ng mga tiwaling opisyal sa bansa, puwede nang makagawa ng earthquake-proof na gusali sa sobrang tigas ng balat nila.

Panlima na ang Pilipinas sa may pinakamalalang trapik sa buong mundo. At simple lang naman ang solusyon dito—ang pagpapalawak at pagsasaayos ng mga daang-bakal sa lungsod. Kung magiging mura, de-kalidad, at maaasahan ang mga tren sa bansa, magiging bulto-bulto pa rin ba sa dami ang mga pribadong sasakyan na kakaunti lang naman ang laman subalit kumakain ng napakalaking bahagi ng kalsada? Tatangkanin pa ba ng marami na ilabas ang kani-kanilang kotse't van gayong di naman kalayuan ang opisina at may kamahalan ang bayad sa pagpa-parking at gas? Ang bawat isandaan o higit pang mga sasakyan na mababawas sa kalsada ay napakalaking tulong na sa pagluluwag ng trapiko sa kalunsuran. Kung maghihigpit ang gobyerno at kapulisan sa pagpapatupad ng mga batas, hindi naman malayong ganap na malutas at mautas ang matinding trapik sa Maynila.

Naalala ko bigla ang kumalat na larawan noon sa social media na nagpapakita ng mga linya ng tren sa iba't ibang bansa. Halos bawat kanto sa Paris, London, Seoul, at Tokyo ay kris-krusang nadaraanan ng mga riles ng tren. Napalilibutan ang buong lungsod ng daan-daang nagsasalimbayang mga himpilan. Samantalang sa Pilipinas ay kayang-kayang bilangin ng Grade 3 ang dami ng mga estasyon, kahit pa halos isang milyon ang kabuuang bilang ng mga sumasakay dito buong maghapon.

Sign of progress naman daw ang trapik, hirit ni Noynoy. Nagsisiksikan sa kalsada ang maraming manggagawa, ibig sabihi'y gumagalaw, lumalago, nananagana ang ekonomiya ng bansa. Kahit pa halos 3 bilyong piso ang nalulustay at nasasayang araw-araw dahil sa trapik, tanda pa rin 'yan ng growth. Hindi ko lang alam kung no'ng bata siya ay kinulang siya sa

iodized salt, o kung gano'n lang talaga siya mag-isip dahil sa lumalala niyang pagkapanot.

## Digmaan sa Daang-Bakal

Isa sa pinakahindi ko malilimutang karanasan sa PNR ay ang naganap noong Enero 22, 2016. Biyernes nu'n. Gabi. Gaya ng dati, naging ilog ng mga nakatirik at nagngingitngit na sasakyan ang kalsada, kaya sa PNR ko piniling sumakay. Nasa estasyon ako ng Pasay Road. Dalawang tren din muna ang pinalampas ko upang pansamantala akong makapagpahinga sa upuang bato. Nang paparating na ang tren ay isinukbit ko na sa harapan ko ang aking bag bilang paghahanda. Ano't bago pa man makarating sa platform ang tren ay bigla itong huminto. Nagkagulo ang mga tao. May mga pulis na dali-daling pumito't tumakbo. Hinubad ko ang suot na headset upang makiusisa. Biglang-bigla, sa di kalayuan, sa gilid ng kalawanging riles, malapit sa may checkpoint, natanaw ko ang anyubog ng isang lalaking nakahandusay sa damuhan. Sinaklot ng kaba ang dibdib ko. Pinalibutan ng mga pulis ang lalaki. Panay ang satsat nila sa kanilang radyo ngunit wala namang maihandog na saklolo. Gusto ko sanang lumapit upang makisimpatya, makibalita ngunit bigla nang umandar ang tren at nagsakay ng mga pasahero. Pumisan akong may nagdadabog-nangangalabog pa ring tambol sa dibdib ko. Baka naman nadaplisan lang ang mama. O nadulas lang. O baka may shooting pala ng pelikula. Maya-maya pa'y isang lalaki ang humahangos na humabol sa pagsasara ng pinto. Nakiusyoso pala ito. Tinuldukan niya ang mga tanong at agam-agam sa isip ng lahat sa loob lamang ng tatlong pangungusap:

*Wala na pre. Sabog ang utak. Tigok na.*

Noon ding gabing iyon hanggang sa sumunod pang mga araw ay pilit kong hinanap ang balita tungkol sa lalaki. Ang lalaking iyon na wala marahil ibang nais kundi ang makahabol sa paparating na tren, makauwi nang maaga sa bahay, at makasama sa hapunan ang kaniyang pamilya habang nakatutok sa paborito nilang telenobela. Matiyaga akong nag-Google ng anumang artikulo tungkol sa aksidente ngunit wala akong nakita. Maging sa TV at radyo ay wala rin. Ang meron lang ay ang tungkol sa pagkaka-link ni Pia Wurtzbach kay Noynoy, at ang kawalan ng love life ni Kris Aquino. Sino nga naman kasi siya? Hindi naman siya isang sikat na politiko, o boksingero, o artista. Hindi naman siya kamag-anak ng kung sinong matagumpay at maimpluwensiyang businessman. Karaniwang tao lang siya. Bakit pa pag-uusapan? Singkaraniwan ng nasagasaang kiring pusa sa kalsada ang nangyari

sa kaniya. Sino pa ang mag-aatubiling sumubaybay sa kuwento niya? Sino pa ang magtatapon ng kapiranggot na awa sa isang hamak na layak na gaya niya, na gaya ko at ng iba pa'y suki ring pasahero sa mga tren ng Maynila?

Matatandaang sa mga riles ng PNR minsang naglandas ang mga bagon ng digma. Dito noon sumakay ang daan-daang Katipunero upang makipaglaban sa mga sakim at mapang-aping dayuhan. Dito binaril, nabuwal, namatay ang maraming Filipino sa ngalan ng hinahangad na kalayaan. Mahigit isang siglo na ang nagdaan ngunit patuloy pa rin ang digmaan sa daang-bakal. Libo-libo pa ring mandirigma ang sumasakay dito, at isa na ako rito—nakikibaka sa hirap ng buhay, binabata ang lupit ng hagupit ng opresyon sa lipunan. Ang masaklap pa'y hindi na mga dayuhan ang katunggali ng mamamayan, kundi ang mismong gobyerno na nag-aasal banyaga. Silang nagpapanggap na makamasa ngunit may pusong imperyalista. Silang nangangako ng tuwid na daan, na ang dulo pala'y diretso sa bangin ng kamatayan.

Lagi't lagi, bago pumasok sa loob ng estasyon ng tren, mamamasdan ang mga guwardiyang panay ang pag-iinspeksiyon sa bag ng mga pasahero. Kung makakapkap ay parang may ipinuslit o itinatago ka na kung ano. (Subukan kaya nila minsang sa Malacañang at Kongreso mangapkap?) Madalas ay nanggigigil pa sa kahahanap sa kasulok-sulukan ng bag kung may nakatagong anumang patalim o bomba. Ang hindi nila alam, nasa puso ng mga pasahero ang patalim at bomba. Araw-araw na humihiwa, lumalaslas, sumusugat, sumasabog sa ubod ng mamamayang ganap nang tinalikuran ng pamahalaan.

HAYAN NA NAMAN. Sinasabi ko na nga ba. Biglang tumirik sa gitna ng madamong riles ang tren. Narinig ko na naman sa lumang speaker ang garalgal na boses ng drayber/announcer ng PNR. Magandang araw daw sa 'ming mga minamahal nilang pasahero. Pasensiya na raw. Nagkaroon ng aberya ang makina ng tren at di pa alam kung gaano ang itatagal bago ito maayos. Kung maaari'y bumaba raw muna ang lahat upang hindi mainip at mainitan. (Nakapatay na kasi ang mga aircon na parang bentilador na naka-number 1.)

Paglundag ko mula sa nagsasapugon muling bagon ay bumungad sa 'kin ang nakangiting mukha ng politiko sa poste. Halatang phinotoshop ang kutis ng animal. Di ko alam kung ano na namang pagdadahilan ang sasabihin ko mamaya sa opisina kung bakit ako nahuli, bukod sa pagkaantala ng biyahe. Pero di bale. Idadahak ko na lang muna sa plastadong ngiti ng politiko ang namumuong plema sa bibig ko: puta de leche.